

February 12, 2018

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga,


Ang Toronto District School Board ay naglungsad ng School Cash Online, isang madaling gamitin, ligtas at maginhawang paraan para sa mga magulang at mga tagapag-alaga na magbayad para sa mga bayarin sa paaralan ng kanilang mga anak, kabilang ang mga adyenda, mga yearbook at mga paglalakbay ng klase. School Cash Online ay maaaring magamit sa paaralan simula sa linggo ng February 12, 2018.

Ang lahat ng mga bayarin sa paaralan na naaangkop sa iyong anak ay ipapaskil sa School Cash Online. Sa oras na ikaw ay magrehistro, makakapili kang mamili ng mga bagay o mga aktibidad na gamit ang iyong debit o kredit kard. Makikita mo kung kailan may bagong bagay na ipinaskil ang paaralan online para mabili at magkakaroon ka din ng opsyon na maabisuhan kapag ang iyong anak ay may bagong kaganapan sa paaralan na nangangailangan ng bayad.

Ang rehistrasyon ay magsisimula sa linggo ng February 12, 2018. Upang magrehistro para sa School Cash Online, pakibisita ang <https://tdsb.schoolcashionline.com>, **piliin ang “Magsimula Ngayon”** at kumpletuhin ang tatlong mga hakbang ng pagrerehistro. Para sa higit na impormasyon sa proseso ng pagrerehistro, pakitingnan ang handout na nakalakip sa liham na ito. Kapag nakarehistro, ikaw ay makakatanggap ng isang abiso sa email kapag ang mga bagay ay maging available online.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa proseso ng pagrerehistro o paggamit ng School Cash Online, pakipiliin ang “Kumuha ng Tulong” na opsyon sa tuktok ng School Cash Online na pahina ng web. Maaari mo ring kontakin ang School Cash Online Parent Help Desk sa 1-866-961-1803 at parenthelp@schoolcashionline.com. Ang Parent Help Desk ay magagamit upang tulungan ang mga magulang/mga tagapag-alaga sa proseso ng pagrerehistro, muling pagkuha ng password, pag-akses ng iyong account o mga isyu sa pagbabayad.

Matapat,



I. Bain
Principal